



Mga Tip at Madalas Itanong para sa Mga Pagtitipon

NA-UPDATE noong Setyembre 30, 2020

Na-update ang dokumentong ito mula noong Setyembre 17, 2020, para maipakita rito ang mga pinalawak na pahintulot para sa mga outdoor at indoor na pagtitipon.

AUDIENCE: Mga Host at Kalahok sa iba't ibang uri ng pagtitipong binubuo ng mga tao mula sa higit sa isang sambahayan.

BACKGROUND: Simula Setyembre 30, 2020, nagpapahintulot at nagbibigay ng naka-update na patnubay para sa Mga Pagtitipon ang [Direktiba 2020-19c at 2020-34 ng Opisyal sa Kalusugan](#). Ang dokumentong ito ay buod ng mga tip at madalas itanong tungkol sa kung paano lumahok sa mga ganitong uri ng mga pagtitipon sa panahon ng COVID-19. Makikita ang karagdagang patnubay sa Mga Direktiba (www.sfdph.org/directives) at dokumentong nasa www.sfdcp.org/covid19.



Pangkalahatang-ideya ng Mga Uri ng Mga Pagtitipon

URI NG PAGTITIPON		PAGLALARAWAN NG PAGTITIPON	DAMI NG TAO MULA SA IBA'T IBANG SAMBAHAYAN
<i>Outdoor</i>	Mga Outdoor na Pagtitipon para sa Pagkain	Pagkain o Pag-inom	6
	Mga Outdoor na Espesyal na Pagtitipon	Mga serbisyo o seremonya sa relihiyon (kabilang ang mga seremonya ng kasal at lamay, ngunit hindi kasama ang mga reception), politikal na protesta	200
	Maliit na Outdoor na Pagtitipon	Lahat ng iba pang uri (hal. reception, fitness, pagtitipon sa parke, anumang may host na biyahe)	12
	Mga Drive-in na Pagtitipon	Sa mga sasakyan (hal., para sa pelikula) (tingnan ang Directive)	100 (sasakyan)
<i>Indoor</i>	Mga Indoor na Panrehiliyon at Pangkulturang Seremonyang Pagtitipon	Mga indoor na panrehiliyon at pangkulturang seremonyang pagtitipon (tingnan ang Direktiba sa Kalusugan Blg. 2020-34), kabilang ang mga seremonya ng kasal at libing (pero hindi ang mga reception)	25% ng kapasidad o 100, alinman ang mas kaunti



Mga Madalas Itanong

Paano ko mapapanatiling ligtas ang isang Pagtitipon hangga't maaari?

- Panatilihin mas maikli sa 2 oras ang pagtitipon mo; kapag mas maikli ito, mas ligtas ito.
- Huwag dumalo kung ikaw o ang iyong kapamilya ay may masamang pakiramdam o nakakaranas ng mga sintomas na parang COVID-19 (tingnan ang www.sfdph.org/dph/alerts/covid-guidance/covid-screening.pdf).
- Isaalang-alang na manatili sa tahanan kung ikaw ay miyembro ng populasyon na nasa mas malaking panganib, hal., mga mahigit 50 taong gulang o may pangmatagalang medikal na kondisyon (tingnan ang www.sfdcp.org/vulnerable).
- Magdala ng mga kagamitan tulad ng mga mask, hand sanitizer, at sarili mong bote ng tubig.
- Palaging magsuot ng pantakip sa mukha o mask, maliban kung partikular kang hindi saklaw ayon sa [Health Order C19-12](#).
- Iwasan ang mga aktibidad na mataas ang panganib na naglalabas ng higit na hangin at samakatuwid ay nagpapataas sa pagkalat ng COVID-19 gaya ng pagkanta, pag-chant, pagsigaw, at pagtugtog ng mga hinihipan o brass na instrumento. Tumingin pa sa ilalim ng “Paano magagawa nang mas ligtas ang pagkanta, pag-kanto, pagsigaw, at pagtugtog ng mga hinihipan o brass na instrumento?”
- Huwag gumawa ng anumang aktibidad o sports kung saan hindi magagawa ang physical distancing. Ang mga sports kung saan naghihiraman ng kagamitan ay pinapahintulutan lang para sa mga miyembro ng hanggang 2 sambahayan.
- Mahalaga sa laban kontra COVID-19 ang bakuna para sa trangkaso sa pamamagitan ng (1) pagpapanatiling malusog ang mga manggagawa at komunidad at (2) pagbabawas sa peligro sa ating pangangalagang pangkalusugan at sistema ng pagsusuring tumutugon sa COVID-19. **Lubos na hikayatin ang lahat ng tauhang magpabakuna para sa trangkaso.** Magpaskil ng karatula para hikayatin ang mga customer, bisita, atbp. na magpabakuna para sa trangkaso.

Ano ang kailangan kong gawin bilang Host na negosyo o organisasyon?

- Kumpletuhin, panatilihin, at ipatupad ang mga sumusunod na dokumento para sa iyong Pagtitipon:
 - Ang kaugnay na [Plano sa Kalusugan at Kaligtasan](#) para sa uri ng pagtitipon (tingnan ang www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-health-directives.asp para makita ang tamang link para sa iyong pagtitipon), kasama ang, bukod sa iba pang kinakailangan, pagsusuri para sa COVID-19 para sa lahat ng [Tauhan](#) (www.sfdcp.org/screening-handout) at [Kalahok](#) (www.sfdcp.org/screeningvisitors). Ito ay dapat ibigay sa Mga Host na Tauhan, available sa Mga Kalahok, at nakapaskil sa pisikal na entrada kung saan gaganapin ang event ng Host.
 - [SFDPH Social Distancing Protocol](#) na may, bukod sa iba pang kinakailangan, plano sa paglilinis at pagdisimpekta ng mga madalas hawakang bahagi gaya ng mga upuan, pinto, at iba pa bago ang bawat Pagtitipon (tingnan ang [SFDPH Cleaning/Disinfection Guidance](#), na naka-post sa www.sfdcp.org/covidcleaning).
- **Ang Mga Indoor na Panrelihiyon/Pangkulturang Pagtitipon** ay inaatasang magpaskil ng [Karatulang Inaprubahan ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco \(San Francisco Department of Public Health, SFDPH\)](#), kasama ang nakabukod na karatulang nagsasaad ng:
 - Naipapasa ang COVID-19 sa pamamagitan ng hangin at mas mataas ang panganib sa impeksyon sa mga indoor na lugar.
 - Dapat iwasan ng mga nakatatanda at iyong mga may panganib sa kalusugan ang mga indoor na lugar na maraming tao.
 - Maximum na kapasidad ng espasyo at maximum na kapasidad na kasalukuyang pinapahintulutan sa



ilalim ng Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay.

- Responsibilidad ng mga host na tulungan ang mga awtoridad sa pampublikong kalusugan sa mga pagsusumikap sa contact tracing kung sakaling magkaroon ng COVID-19 ang isang dumalo at kailangang magsagawa ng contact tracing.
 - Isaalang-alang na magpanatili ng listahan ng Mga Tauhan at Kalahok na handang magbibigay ng kanilang mga pangalan sa loob ng tatlong linggo pagkatapos ng event. Dapat hindi na gamitin ang anumang listahan pagkatapos ng tatlong linggo.
 - Subukang magpanatili ng updated na listahan ng email o contact para alertuhan ang mga dumalo kapag may potensyal na pagkakalantad sa virus.
- Paikliin ang Pagtitipon hangga't maaari para mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19.
- Sundin ang mga alituntunin ng SFDPH tungkol sa "[COVID-19 Positive At Workplace](#)" (Positibo sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho) kung mayroong sinumang magpopositibo sa iyong pagtitipon sa pagsusuri para sa COVID-19.

Mas mapanganib ang mga indoor na pagtitipon kaysa sa mga outdoor na pagtitipon. Paano natin ito magagawang ligtas hangga't maaari?

- Sundin ang mga naaangkop na pag-iingat na nakasaad sa "Paano ko magagawang ligtas hangga't maaari ang isang Pagtitipon?"
- Dapat alam ng mga tauhan at kalahok ang mas mataas na panganib na ito sa mga indoor na pagtitipon at dapat silang magpasya kung ligtas silang makakadalo batay sa kung gaano kalaki ang panganib na handa nilang palagpasin.
- Isaalang-alang na gumawa ng pagbabago para magkaroon ng social distancing sa pagitan ng mga miyembro ng iba't ibang sambahayan gaya ng, paglilipat ng mga podium, paggawa ng mga pisikal na harang, paglalagay ng harang na tape o paglilipat ng mga upuan, pagtukoy sa mga pasukan at labasan, pagbabawal ng pagpunta sa mga lugar na pinupuntahan ng lahat (kung maaari).
- Itodo ang bentilasyon at iwasan ang umpukan ng mga tao at paghawak sa mga madalas hawakang bahagi, halimbawa, pagpapanatiling bukas ng mga pinto ng banyo at pagpapaskil ng karatula ng social distancing.
- Tukuyin ang mga daanan para sa paglalakad sa pagitan ng mga espasyong itinalaga para sa pagluhod ng mga nagdarasal para hindi lakaran ng mga tao ang lapag kung saan maaaring idinidikit ng isang tao ang kanyang ulo.
- Damihan ang magagamit na hand sanitizer o istasyon ng paghuhugas ng kamay, kasama ang mga pasukan at labasan.
- Itigil ang paggamit ng mga madalas hawakang lalagyan ng tubig, benditahan, bukal, at lababo.
- Palaging linisin at idisimpekta ang mga karaniwan at madalas hawakang bahagi, kasama ang mga banyo.
- Alinsunod sa patnubay sa kalusugan ng Estado, ang mga aktibidad ng pagkanta at pag-kanto ay **hindi pinapahintulutan** sa panahon ng anumang Indoor na Pagtitipon sa ngayon. Kahit na habang nakasuot ng pantakip sa mukha, ang mga aktibidad na ito – sa partikular ang pagkanta – ay lubos na nagpapataas sa panganib ng pagkakahawa ng COVID-19.
- Hindi maaaring maghain ng pagkain at inumin sa isang Indoor na Pagtitipon. Kung kinakailangan ang pagkain o pag-inom para sa isang seremonyang nakabatay sa paniniwala, tingnan ang "Maaari ba kaming kumain o uminom sa Mga Pagtitipon?" sa ibaba para sa higit pang detalye.

Maaari ba kaming mag-host ng maraming pagtitipon nang sunod-sunod o sabay-sabay?

- Puwedeng payagan ng Host ang Mga Tauhan na makibahagi sa magkakasunod na pagtitipon sa isang araw.



Kung magkakasunod ang Hino-host na pagtitipon, dapat ding gawin ng Host ang sumusunod:

- Tiyaking may pagitang hindi bababa sa 30 minuto ang mga pagtitipon para makaalis ang Mga Kalahok at malinisan at ma-sanitize ng Mga Tauhan ang lahat ng madalas hawakang bahagi.
- Tiyaking puspusang maghuhugas ng mga kamay ang Mga Tauhan, at na lilingin, isa-sanitize, o papalitan nila ang anumang item o damit na nadumihan o nakontamina ng mga likido mula sa katawan ng Mga Kalahok o mula sa ibang Host na Tauhan mula sa mga naunang pagtitipon.
- Maaari lang magsagawa ang Mga Host ng **isang** pagtitipon sa anumang oras, maliban na lang kung ang kaganapang ito ay isang **Outdoor na Pagtitipon para sa Pagkain** o isang **Maliit na Outdoor na Pagtitipon** (ngunit **hindi** Drive-In o Espesyal na Outdoor na Pagtitipon) at matitiyak ng Host na sinusunod ang mga sumusunod na panuntunan:
 - Dapat tiyakin ng Host na mananatiling magkakaaway ang mga pagtitipon, halimbawa, sa pamamagitan ng paglalagay ng mga pisikal na harang sa pagitan ng mga pagtitipon:
 - Kung gumagamit ng pisikal na harang para panatilihin magkakaaway ang mga grupo, dapat ay hindi bababa sa anim na talampakan ang layo ng mga grupo. Kung walang aktuwal na harang, dapat ay hindi bababa sa 12 talampakan ang layo ng mga grupo.
 - Kung nasa gumagalaw na sasakyan ang pagtitipon (tulad ng bus o barko) kung saan hindi posible ang aktuwal na harang sa pagitan ng mga grupo, dapat ay hindi bababa sa anim na talampakan ang layo ng mga grupo.
 - Dapat ipagbawal ng Host ang pagkikipagsalamuha ng mga tauhan o kalahok mula sa iba't ibang pagtitipon o grupo.
 - Maaaring magsagawa ang mga host ng mga fitness class ng dalawang magkasabay na klase (na may 12 tao sa kabuuan sa bawat klase, kasama ang mga instructor) kung ang mga pisikal na harang ay nagpapasiguro ng 6 na talampakang layo sa pagitan ng mga grupo o gumagamit ng mga palatandaan / iba pang device para matiyak ang 12 talampakang layo sa pagitan ng mga grupo.
- **Hindi** maaaring isagawa ng mga host ang mga indoor at outdoor na pagtitipon nang sabay para bigyang-daanan ang mas maraming taong dumalo sa isang pagtitipon (hal., indoor at outdoor na kasal o libing).

Maaari ba kaming magsagawa ng maraming outdoor na Pagtitipon nang sabay-sabay sa isang malaking pasilidad?

- Maaari lang payagan ang magkakasabay o halos magkakasabay na Pagtitipon sa isang multi-use na pasilidad sa ilalim ng mga sumusunod na sirkumstansya:
 - Dapat mangyari ang mga pagtitipon sa mga espasyong pisikal na magkakaaway sa magkakaibang kuwarta na pinaghihiwalay ng mga selyadong lapag-hanggang-kisameng dingding o sa isang hiwalay na gusali.
 - Dapat matugunan ng bawat kuwarta ang lahat ng ipinag-aatas sa bentilasyon ng Direktiba.
 - Dapat gumamit ang mga kalahok mula sa magkakaibang pagtitipon ng magkakaaway na lugar ng pasukan at labasan; kung isa lang ang nakabahaging pasukan at labasan, dapat tiyakin ng Host na hindi papasok o lalabas nang sabay-sabay ang mga kalahok mula sa magkakaibang pagtitipon.
 - **Hindi** maaaring magsagawa ang mga host ng mga pagtitipon nang sabay para bigyang-daanan ang mas maraming taong dumalo sa isang pagtitipon o seremonya (hal., hindi maaaring gumamit ng maraming indoor na kuwarta at outdoor na espasyo para sa iisang kasal o libing).
- Mag-iskedyul ng 30 minutong agwat sa pagitan ng mga indoor na pagtitipon para magkaroon ng sapat na oras para ligtas na makalabas ang mga kalahok at para malinis/ma-sanitize ng mga tauhan ang mga madalas hawakang bahagi.
- Maaaring payagan ang mga tauhang magtrabaho sa loob ng pasilidad habang maraming indoor na Pagtitipon ang nangyayari hangga't nasusunod ang mga panuntunan para sa [Business Operating Office Facilities Directive](#) at Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay



- Sa kabuuan, panatiliing sarado ang mga lugar na hindi nakalaan para sa isang indoor na pagtitipon maliban na lang kung hayagang pinapahintulutan sa ilalim ng Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay.

Maaari ba kaming kumain o uminom sa Mga Pagtitipon?

- Pinapahintulutan ang pagkain at pag-inom sa **Mga Outdoor na Pagtitipon para sa Pagkain** na limitado sa 6 na tao mula sa iba't ibang sambahayan.
- Hindi pinapayagan ang self-service na pagkain, mga potluck, o magkakaharap na pagkain at inuman. Sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga sitwasyong ito, maaari mong maiwasan ang panganib ng cross contamination.
- Kung kinakailangan ang pagkain o pag-inom, bilang bahagi ng isang seremonyang nakabatay sa paniniwala, dapat itong gawin sa paraang makakabawas sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao, lalo na ang mga ginagamitan ng mga kamay at bibig. Sa mga sirkumstansyang ito, dapat isuot ang mga pantakip sa mukha kapag mas malapit sa 6 na talampakan ang layo sa isa't isa ng Mga Tauhan at/o Kalahok. Bilang halimbawa, maaaring nakasuot ng mask sa buong panahon ng mga ritwal ng komunyong pari, habang tumatanggap ang mga kalahok ng komunyong sa kamay at palayo sa iba para ibaba sandali ang kanilang mask para ilagay ang sakramentong tinapay sa dila (panoorin ang halimbawang video: www.youtube.com/watch?v=Q8tg8A5jmP0).
- Hindi dapat maghiraman ng mga baso, tasa, at kubyertos. Kung maghihiraman ng mga ito, dapat idisimpekta ang baso, tasa, o kubyertos sa pagitan ng bawat paggamit at dapat linisin ang mga kamay ng mga gumagamit sa pamamagitan ng naaangkop na paghuhugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer.

Dapat ba kaming magsuot ng mga mask/ pantakip sa mukha sa lahat ng oras?

- Dapat magsuot ng mask ang lahat ng tao maliban na lang kung iba ang tinutukoy sa Utos sa Pantakip sa Mukha.
- Lalong mahalaga ang angkop na paggamit ng mga pantakip sa mukha kapag nasa mga pagtitipong may mas mataas na panganib, gaya ng mga indoor.
- Maaaring alisin sandali ang mga pantakip sa mukha habang kumakain o umiinom, gayunpaman, dapat panatiliing nasusunod ang angkop na social distancing. Kung ang pagtatanggal ng mga pantakip sa mukha/mask ay mahalaga sa isang ritwal o seremonya, maaari lang tanggalin sandali ng isang tao ang kanyang pantakip sa mukha kung (1) magpapanatili siya ng social distance at hindi magsasalita, bibigkas, magka-kanto, sisigaw, o kakanta; o (2) ilalayo niya ang kanyang sarili mula sa lahat ng ibang tao para magsalita o bumigkas, gaya ng pagsasalita sa loob ng saradong kuwarto o sa likod ng plastik o salaming harang o face shield nang hindi lalampas sa 12 pulgada mula sa bibig ng nagsasalita at higit sa 12 talampakan mula sa ibang tao.

Paano ang camping, mga pagluluto sa labas, o mga BBQ?

- Dumating nang dala ang sarili mong mga supply, kasama ang sabon, mga disinfectant, hand sanitizer, paper towel, atbp.
- Huwag makipaghiraman ng mga BBQ o outdoor na ihawan sa mga taong hindi mo kasama sa bahay. Linisin nang madalas ang lahat ng istasyon.
- Kung magka-camp kasama ang isang tao na hindi mo kasama sa iyong sambahayan, isalang-alang ang pagbubukod (pag-isolate) ng sarili sa loob ng 14 na araw bago at pagkatapos mong makalapit sa kanya, para mabawasan ang panganib ng pagkalat ng sakit.
- Ang “close contact” ay tinutukoy ng Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) bilang ang pagiging mas malapit sa 6 na talampakan ng isang taong nahawaan



sa loob ng hindi bababa sa 15 minuto nang 2 araw bago magsimula ang sakit (para sa mga taong walang sintomas, nangangahulugan itong 2 araw bago sila nasuri; www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/contact-tracing/contact-tracing-plan/appendix.html#contact).

Paano magagawa nang mas ligtas ang pagkanta, pag-kanto, pagsigaw, at pagtugtog ng mga hinihipan o brass na instrumento?"

- Pinapataas ng pagkanta, pag-kanto, pagsigaw, at pagtugtog ng hinihipan o brass na instrumento ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 dahil sa puwersahang pagbuga ng hanging ginagawa rito at dapat iwasan ang mga ito. Pinakamainam na magpatugtog ng recording para maiwasan ang live na pagtatanghal.
- Pinapahintulutan ang mga aktibidad na ito sa isang **Espesyal na Outdoor na Pagtitipon** ng isang tao lang bawat beses at tanging kung:
 - Ang taong gumagawa ng aktibidad ay mayroong hindi bababa sa **12 talampakang** layo mula sa sinupamang tao.
 - Ang taong kumakanta, nagka-kanto, o sumisigaw ay palaging may suot na **Pantakip sa Mukha**.
 - Ang mga kampana at/o butas ng instrumento kung saan lumalabas ang hangin o tunog ay palaging tinatakpan ng mask/ibang tela.
 - Hindi maaaring kumanta, mag-kanto, o sumigaw ang mga kalahok kasabay ng taong gumagawa ng aktibidad na iyon.
- Kapag pinapayagan ang mga aktibidad na ito, isaalang-alang ang sumusunod para mabawasan ang panganib:
 - Tiyaking ang pagtatanghal ay nasa isang malaki at may maayos na bentilasyong lugar (tingnan ang www.sfcddcp.org/COVID-ventilation).
 - Paikliin ang oras na ginugugol sa mga aktibidad na ito.
 - Pahinain ang tomo hangga't maaari (hal., kumanta/tumugtog sa mas mahinang tomo, gumamit ng mga amplifier, atbp).
 - Isaalang-alang ang pagkakaroon ng pisikal na harang sa pagitan ng nagtatanghal at iba sa Outdoor na Espesyal na Pagtitipon.
 - Huwag itapat sa Mga Kalahok ang mga boses at labasan ng hangin (hal., pagtalikurin sa isa't isa ang mga nagtatanghal).
 - Hikayatin ang mga nagtatanghal na magpasuri para sa COVID-19 sa petsang pinakamalapit sa araw ng pagtatanghal hangga't maaari, nang isinasaalang-alang ang tagal ng pagbalik ng resulta para sa pagsusuri (na karaniwang tinatayang 2 araw, pero maaaring mas matagal). Maaaring magpasuri ang mga tao sa kanilang regular na provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa CityTestSF (<https://sf.gov/citytests>).
 - Pagbawalan ang sinumang may mga sintomas ng COVID-19 o sinumang "Close Contact" ng isang taong may COVID-19 na gawin ang mga aktibidad na ito. Tingnan ang www.sfcddcp.org/screeningvisitors.
 - Para sa mga hinihipang instrumento:
 - Dapat palaging naka-mask ang lahat ng nagtatanghal hangga't maaari kapag hindi nagtatanghal.
 - Hindi dapat maghira ng mga instrumento ang mga indibidwal na mula sa magkakaibang sambayanan.
 - Kung mahalaga sa instrumento, dapat gumamit ang mga nagtatanghal ng malaki, manipis, at may plastik sa loob na pad sa kanilang dibdib at hita para kolektahin nito ang talsik na laway.



Mababawasan ba ng bentilasyon ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 para sa mga indoor na aktibidad?

- Dapat sundin ng mga Host ang **Alituntunin ng SFDPH sa Bentilasyon** para sa anumang indoor na aktibidad: Gumawa ng anumang kinakailangang pagpapabuti sa bentilasyon ng establisimyento, kabilang ang:
 - mga sistema ng pagpapainit, bentilasyon, at air conditioning (Heating, ventilation, and air conditioning system, HVAC system) (kung mayroon)
 - Tiyaking sinusuri at gumagana nang maayos ang mga HVAC system.
 - Suriin ang mga posibilidad ng pag-upgrade sa mga filter sa hangin sa pinakamabisa na posible.
 - Damihan ang porsiyento ng hangin mula sa labas sa pamamagitan ng HVAC system, pag-adjust o pag-override sa mga damper para sa muling pagpapaikot ("economizer").
 - Huwag paganahin ang mga kontrol sa bentilasyon na nakabatay sa demand, na nagbabawas ng supply ng hangin batay sa temperatura o dami ng tao
 - Isaalang-alang na patakbuhan ang sistema ng bentilasyon ng gusali kahit walang tao para masulit ang bentilasyon. Bilang minimum, i-reset ang sistema ng bentilasyon na pinapatakbo ng timer para magsimulang tumakbo ang mga iyon 1-2 oras bago buksan ang gusali at 2-3 oras pagkatapos isara ang gusali.
 - Paramihin ang natural na bentilasyon sa pamamagitan ng pagbukas ng mga bintana at pintuan kapag pinapahintulutan ng mga kondisyon sa kapaligiran at kinakailangan ng gusali.
 - Isaalang-alang ang pag-install ng mga portable na air cleaner (mga "HEPA filter").
 - Kung gumagamit ang establisimyento ng mga nakatayong bentilador o bentilador na nakakabit sa pader, isaayos ang direksyon ng mga bentilador para mabawasan ang pag-ihip ng hangin mula sa espasyo ng isang indibidwal papunta sa ibang tao.
 - Para sa higit pang impormasyon at karagdagang mapagkukunan, mangyaring tingnan ang sumusunod: SFDPH: www.sfdcp.org/COVID-ventilation.

Mga Mapagkukunan ng Karagdagang Impormasyon

Mga kapaki-pakinabang na Mapagkukunan ng impormasyon para sa COVID-19 na dapat patuloy na tingnan:

- Gabay ng San Francisco: www.sfdcp.org/covid19
- Mga utos ng Opisyal sa Kalusugan ng San Francisco: www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp
- Mga mapi-print na resource gaya ng karatula: <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>
- Gabay ng California:
 - <https://covid19.ca.gov/safer-economy/>
 - <https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-places-of-worship.pdf>
- Gabay ng CDC: www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/index.html